



MODYUL C: PAGGAWI NG NAKABUBUTING PAGDUDUDA

Aralin C.1: Bakit dapat bantayan ang ating mga emosyon kapag tayo’y online?



TEKA MUNA! Basahin ang mga sumusunod na ulo ng balita. Ipalagay na makikita mo ang mga ito sa iyong social media feed. Anu-ano ang magiging reaksyon mo pagkabasa sa bawat ulo?

- Lunas sa COVID, natagpuan na!!! ALAMIN DITO
- 5 Filipinos die of COVID-19 in Saudi Arabia; at least 119 infected
- Pilipinas kulelat nga ba sa laban kontra COVID-19?


Maaaring mahirap aminin sa sarili at sa iba kung kayo’y nahulog sa pain ng maling impormasyon. Tooto ito lalo na kung napagtanto ninyong hindi napag-isipang maigi ang kilos na ito. Sa halip, sumiklab ang iyong mga emosyon. Kumakalat na parang apoy ang mapanlinlang na mga kuwento dahil nakatuon ito sa ating mga kinaiinisan, kinatatakutan, o kinasisiyahan. Upang maiwasan ito, sandaling tumigil, magdahan-dahan, at subukang pigilin ang bugso ng emosyon.

Ang unang hakbang sa pag-IWAS FAKE ay **[I]KALMA ANG SARILI.**

Ipinakita sa ilang pag-aaral na mas naaalala ng tao ang impormasyon kung napukaw nito ang kanilang emosyon. Ito ay mga kuwentong nagpapagalit, nagpapatakot, nagpapabalisa, o nagpapasaya sa mga tao. Isang perpektong halimbawa ng misimpormasyon na pumupukaw sa takot ng mga tao ay nang ipinahiwatig ng social media personality na si DJ Loonyo ang ‘mga panganib’ na maidudulot ng coronavirus mass testing. Sa isang Facebook livestream, ipinahayag



niya ang kanyang pangamba sa kung ano man ang ipapainom o ipalululon sa isang ‘trial-and-error’ na proseso para sa mass testing. Nag-viral ang kanyang pahayag at pinuna siya sa pagpapakalat ng takot at misimpormasyon tungkol sa COVID-19 testing, na kung saan ay hindi ito nangangailangan ng pag-inom (ng anumang gamot) ni hindi isang trial-and-error na proseso.



Isa pang halimbawa ng ganitong clickbait na istorya ay mula sa tabloid na Abate Tonight tungkol sa isang panukalang batas na hindi nag-oobliga sa mga ospital na magpaskil ng mga relihiyosong imahe. Ayon sa nanlilitong headline, “Hindi lahat Katoliko! Krus sa mga ospital pinapatanggal.” Ipinakalat ang istoryang ito sa maraming mga page at group sa Facebook at nagkamal ito ng “angry” na reaction sa maraming users. Sadyang nilinlang ng ulo ng balita ang mga mambabasa upang ipalagay sa



kanila na nais ng panukalang batas na ipagbawal ang mga relihiyosong imahe kaysa gawing opsyonal.

Confirmation bias



Dibuho ni Signe Wilkinson mula sa *The Philadelphia Inquirer*

Liban sa ating mga emosyon, mas naiintindihan natin nang mabilisan at madalian ang impormasyon kung umaayon ito sa ating mga kasalukuyang pananaw. Ang tawag dito ay 'confirmation bias.' Mapanganib ito kung naiisip natin na ang isang bagay ay *totoo* kung mararamdaman nating *totoo dapat ito*. Nagagamit ito sa mga mapanlinlang na content—mga impormasyong may kaunting bahid ng katotohanan kaysa halos gawa-gawa lang talaga. Kung ang isang online post ay 'medyo tama' at kumbinsido agad kayo sa kalahati nito, maaari ninyong ipagsawalang-bahala na ang post na iyon ay 'medyo mali' rin o kaya hindi kumpleto.

Kung makakita ng post online na sa tingin natin ay tama at pinupukaw ang ating emosyon, ugali nating i-share agad ito sa iba. Kung kaya ang pinakaunang hakbang ay napakahalaga: sandaling tumigil, magdahan-dahan, at pansinin ang inyong emosyonal na pagtugon. Ang tawag dito ay 'emotional skepticism' o ang pagkukuwestiyon sa sariling emosyonal na pagtugon sa mga mensaheng nasa paligid ninyo.

Bonus: Iba pang mga bias

Maliban sa confirmation bias, mayroon pang ibang mga natatagong bias na nakakaimpluwensiya sa paraan ng pag-iisip ng isa. Kapaki-pakinabang na nababatid din ang mga ito.

1. Implicit bias (iniuugnay natin ang dalawang magkaibang bagay, na sa isip natin ay lagi namang magkasama)
2. Sunk-cost fallacy (kung pinaglalaanan natin ng mas maraming oras o emosyon ang isang bagay, mas gusto pa nating pangalagaan ito)
3. Anchoring bias (mas naiimpluwensyahan tayo ng unang bahagi ng impormasyong malalaman natin)
4. Bandwagon effect (kapag maraming mga tao ang kumikilos o nag-iisip sa isang tiyak na paraan, gagayahin na lang din natin sila)



I-TWEET ANG NAIISIP. Lahat tayo ay may kinikilingan. Anu-anong sariling biases ang sa tingin mo'y nakaaapekto sa iyong pagkonsumo ng balita at impormasyon? I-tweet kami sa @ootbmedialit at gamitin ang hashtag na #IWASFAKE.

* * *

PARA SA SUSUNOD NA ARALIN, mapag-aaralan ninyo ang ikalawang hakbang sa pag-IWAS FAKE sa pagbabantay sa mga panganib ng mis- at dis-impormasyon.



MODYUL C: PAGGAWI NG NAKABUBUTING PAGDUDUDA

Aralin C.2: Paano natin titimbangin ang pagtitiwala at pagdududa?

TEKA MUNA! Ilista ang iyong pinagkakatiwalaang mga pinagkukuhanan ng balita at impormasyon. Bakit katiwala ang mga ito para sa iyo?

Sa nagdaang aralin, natutunan ninyo ang importansya ng pagbabantay sa inyong mga emosyon at mga bias. Mahalaga ito dahil karamihan sa mga mali at mapanlinlang na content ay dinisenyo upang pukawin ang emosyon at natatagong biases ng mga tao. Higit pa rito, makatutulong ang pansariling paglililimi upang maiwasan ang gawaing makita lamang ang gustong makita. Habang natututo tayong maging mas alisto sa ating mga emosyon, nagiging handa tayo sa pagsagupa sa disimpormasyong lumiligid sa atin.

Ipagpapatuloy natin sa araling ito ang paglinang sa pagpapanatili ng paggawi ng nakabubuting pagdududa. Sa pagkakataong ito, tungo sa infodemic. Isa sa mga pangunahing suliraning inilantad ng infodemic na ito ang paghahanap sa mapagkakatiwalaang mga source sa gitna ng information overload tungkol sa pandemyang coronavirus. Bilang panuntunan, tandaan na laging kumilos nang may pag-iingat—ang ikalawang hakbang sa pag-IWAS FAKE: **[W]AG BASTA MANINIWALA** (Be skeptical).



Nakabubuting Pagdududa vs Pangungutya

Ang pagiging skeptical ay ang pagkakaroon ng gawing mapagduda, gawing mapagtanong. Isa talagang mahalagang kasanayan ito sa panahon ng infodemic, ngunit hindi rin makabubuti kung masosobrahan nito. Dahil dito, nagiging siniko ang isang tao at mayroon itong mga ugaling nag-uuyam, negative, at nawawalan ng tiwala sa lahat ng motibo at integridad ng mga tao. Napakadaling mawalan ng pag-asa at magtanim ng galit sa pagsulpot ng sandamakmak na disimpormasyon kung saan-saan, at ito ang pagsumikapan nating iwasan. Tandaan na hindi lahat ng impormasyon ay ginawa para manlinlang o magmanipula. Hangad nating mapanatili ang tamang halaga ng pagdududa sa mga balitang kinokonsumo natin nang hindi isinasantabi ang ideyang walang umiiral na mabuting peryodismo.

Skeptics	Cynics
<input type="checkbox"/> are open-minded	<input type="checkbox"/> are close-minded
<input type="checkbox"/> challenge negative factors	<input type="checkbox"/> focus on the negative factors
<input type="checkbox"/> can be convinced by presenting evidence	<input type="checkbox"/> cannot be convinced by presenting evidence

Paano Makatutukoy ng mga Potensyal na Disimpormasyon

Isang paraan sa paggawi ng nakabubuting pagdududa ay ang pagiging mapagmatyag sa mga panganib at mga halatang senyales. Lagi natin itong ginagawa sa COVID-19. Kung nais nating malaman kung ang isa ay nahawaan ng coronavirus, inaalam natin ang mga senyales at sintomas tulad ng lagnat, pagkapagod, at tuyong ubo. Katulad ng COVID-19, hinahanap din ang mga senyales upang malaman kung may disimpormasyon. Ang mga sumusunod na senyales ay makatutulong sa inyo nang may pag-iingat sa tuwing mag-online.

Gayunpaman, hindi nito ibig sabihin na kapag nakita ninyo ang mga ganitong senyales sa isang partikular na material ay maituturing na agad itong disimpormasyon. Kung pananatilihin ang tamang halaga ng pagdududa, ibig sabihin nito ay may puwang sa pagkakamali. Maaaring hindi laging tama ang inyong kutob.

Isang mahalagangistratehiya para maiwasan ang pagiging siniko ay ang pagtatanong tungkol sa LAHAT ng mga mensaheng nanggagaling sa media at hindi lang sa mga bagay na hindi kayo sang-ayon. Dapat tayong maging malay at bukas sa pagtatanong hindi lamang sa mga bias ng media producers ngunit pati na rin sa ating mga pansariling bias. Sa ganitong paraan, malalaman natin ang tamang pagbalanse sa pagitan ng pagtitiwala at pagdududa.

FAKE NEWS BINGO

MGA SIGNS NA DAPAT MONG PAGDUDAHAN ANG ISANG POST

Binibigay ang gusto mong maring	Edited photo	"Maniwala ka, totoo to!"	Tadtad ng emoji 	Walang ibang nagreport
Wrong grammar	Copy-paste lang sa chat	Hindi legit ang source	Naka-ALL CAPS	LIVE video na walang details
Parang joke	'Di sinabi ang source		Quotes lang	Screen-shot lang
Walang 'About Us'	Madaming likes at shares	Luma pala	May mention ng DDS o Dilawan	OA
SHOCKING 	Pop-up ads	Mukhang meme	Walang details	Nakalink sa X-rated website

www.ootbmedialiteracy.org
#IWASFAKE



I-TWEET ANG NAIISIP. Liban sa mga nakasaad, ano pang mga dahilan ang makapagpaduda sa iyo pagkatapos malaman ng isang bahagi ng impormasyon? I-tweet kami sa @ootbmedialit at gamitin ang hashtag na #IWASFAKE.

* * *

DITO NAGTATAPOS ANG MODYUL C. Handa ka na bang suriin ang iyong nalalaman at ilapat ang iyong kakayahan? Makipag-ugnayan sa amin o sa iyong guro para sa worksheets.